





FDA ADVISORY
No. 2021-0103-A

21 JAN 2021

PARA: SA LAHAT NG HEALTHCARE PROFESSIONALS AT SA PUBLIKO

PAKSA: Babala sa Publiko Tungkol sa Pagbili at Paggamit ng mga Pekeng Bersyon ng Losartan Potassium (Angel-50) 50mg Film Coated Tablet

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa pagbili at paggamit ng mga pekeng bersyon ng Losartan Potassium (Angel-50) 50mg Film Coated Tablet:

TUNAY/AUTHENTIC	PEKE/COUNTERFEIT
	
<p>Note: Ang blister packaging ng pekeng bersyon ay iba sa pantone color at fonts ng tunay na produkto.</p>	

Larawan 1. Paghahambing sa Tunay/Authentic at Peke/Counterfeit na Losartan Potassium (Angel-50) 50mg Film Coated Tablet





TUNAY/AUTHENTIC



PEKE/COUNTERFEIT





Note: Maling pagkalimbag ng “Philippines”



Note:

- Magkaibang sukat ng pagkakasulat ng letra sa *indication*.
- Ang sukat ng *Barcode* ay magkaiba.



Note: Ang pagka-*bold* ng *Adverse Drug Reaction* na pahayag ay magkaiba.

Larawan 2. Paghahambing sa Tunay/Authentic at Peke/Counterfeit na Losartan Potassium (Angel-50) 50mg Film Coated Tablet

Ayon sa pagsusuri ng FDA kasama ang *Marketing Authorization Holder* (MAH), Pharmakon Biotec Inc., ang nasabing produkto ay napatunayang peke.

Ang lahat ng *healthcare professionals* at publiko ay binabalaan tungkol sa paglipana ng nasabing pekeng gamot sa merkado na maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan ng mga gagamit nito. Ang publiko ay pinapaalalahanan ring bumili lamang sa mga establisyamentong lisensyado ng FDA.

Gayundin, ang lahat ng establisyamento ay binabalaang huwag magbenta nitong produkto na nagtataglay ng mga nasabing katangian ng pekeng gamot. Ang pag-aangkat, pagbebenta at pamamahagi nito ay paglabag sa *Republic Act No. 9711* o ang *Food and Drug Administration Act of 2009* at *Republic Act No. 8203* o ang *Special Law on Counterfeit Drugs*. Ang sino mang mapatunayang nagbebenta ng nasabing pekeng produkto ay mapaparusahan.

Hinihiling sa lahat ng *Local Government Units* (LGUs) at *Law Enforcement Agencies* (LEAs) na tiyaking ang pekeng produktong ito ay hindi maibebenta o magagamit sa kanilang mga nasasakupan.

Para sa karagdagang impormasyon at katanungan, maaaring mag-email sa info@fda.gov.ph. Upang mag-report ng patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga pekeng gamot, mag-email sa report@fda.gov.ph, o mag-report gamit ang aming *online reporting facility*, *eReport*, sa www.fda.gov.ph/ereport. Maaari ring tumawag sa *Center for Drug Regulation and Research* (CDRR) sa numerong (02) 8809-5596. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamot, i-report agad sa FDA gamit ang link na ito: <https://primaryreporting.who-umc.org/Reporting/Reporter?OrganizationID=PH> at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.


ROLANDO ENRIQUE D. DOMINGO, MD
Director General

DTN:



20210106101145